

Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI



10

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan - Modyul 1 Ang Makataong Kilos



Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan- Modyul 1: Ang Makataong Kilos
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Juliet T. Cipriano

Editor: Lucretio Oliver

Tagasuri: Marlon V. Marco

Tagaguhit: Chloe Aemanelle R. Susana

Tagalapat:

Tagapamahala: Arturo B. Bayocot, PhD. CESO III (Regional Director)

Co-Chairpersons: Victor G. De Gracia Jr. PhD. CESO V (*Asst. Regional Director*)

Randolph B. Tortola, PhD. CESO IV (SDS-Division of Bukidnon)

Shambaeh A. Usman, PhD. (ASDS-Division of Bukidnon)

Mala Epra B. Magnaong, Chief ES, CLMD

Neil A. Improgo, EPS-LRMS

Bienvenido U. Tagolimot, Jr., EPS-ADM

Members: Elbert R. Francisco, PhD, Chief ES, CID

Nancy B. Panistante, EdD, EPS in Edukasyon sa Pagpapakatao

Rejynne Mary L. Ruiz, PhD, LRMS Manager

Jeny B. Timbal, PDO II

Shella O. Bolasco, Division Librarian II

Inilimbag sa Pilipinas ng: Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon X, Sangay ng Bukidnon

Office Address: Fortich Street, Sumpong, Malaybalay City

Telefax: (088) 813- 3634

E-mail Address: Bukidnon@deped.gov.ph

Website: www.Depedbukidnon.net.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan - Modyul 1

Ang Makataong Kilos

Ang modyul na ito ay sama-samang binuo at sinuri ng mga edukador sa mga publikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa bukidnon@deped.gov.ph.

Pinahahalagahan naming ang inyong mga puna at mungkahi.

Talaan ng Nilalaman

Pahina

Cover Page

Copyright Page

Title Page

Talaan ng Nilalaman

Paunang Salita

Alamin	1
Subukin	2-3
Balikan	4
Tuklasin	5-6
Suriin	6-8
Pagyamanin	9-10
Isaisip	11
Isasagawa	12-13
Karagdagang gawain	13

Huling Pagtataya 14-15

Susi sa Pagwawasto 16

Sanggunian 17

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Ang Pagkukusa ng makataong Kilos at Mga Salik na Nakaaapekto sa Pananagutan ng tao sa Kahihinatnan ng Kilos at Pasiya.

Ang modyul na ito ay pinagtutulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral at magulang:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa araling Paghubog ng Konsensiya Batay sa Likas na Batas Moral.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

 Alamin	Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.
 Subukin	Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.
 Balikan	Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.
 Tuklasin	Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.
 Suriin	Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.
 Pagyamanin	Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.
 Isaisip	Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.
 Isagawa	Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.
 Tayahin	Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.
 Karagdagang Gawain	Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.
 Susi sa Pagwawasto	Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

<i>Sanggunian</i>	Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.
--------------------------	---

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

Ang Makataong Kilos



Alamin



Nagtataka ka ba kung ano na naman ang iyong haharapin na mga katanungan sa Modyul na ito? O marahil ay nababagot ka na dahil palagay mo napakarami ka na namang babasahin at mga gawain na sasagutin. Relaks lang at isiping ang lahat ng ito ay para sa iyong kabutihan at paglago bilang indibidwal na nagpapakatao. Ano ba ang inaasahan sa iyo sa Modyul na ito?

Ang mga sumusunod na pagkatuto at kasanayan ay inaasahang malinang sa iyo, sa pag-aaral mo sa modyul na ito :

1. Nakikilala na may pagkukusa sa makataong kilos kung nagmumula ito sa malayang pagsasagawa ng kilos-loob sa pamamatnubay ng isip.
2. Nakapagsusuri ng mga kilos na may pananagutan.
3. Napatutunayan na ang makataong kilos ay sinadya (deliberate) at niloob ng tao, gamit ang isip, kaya pananagutan niya ang kahihinatanan nito (kabutihan o kasamaan).



Subukin



Bago mo simulang namnamin ang mga napahalagang nilalaman ng modyul na ito, sagutin mo muna ang mga nakalaang tanong. Ano kaya ang lebel ng iyong kaalaman sa nilalaman ng modyul? Handa ka na ba?

Paunang Pagtataya

A. **Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pahayag at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik ng iyong napiling sagot sa iyong kuwaderno sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 (EsP 10).

1. Kung kikilalanin ang katuruan ni Aristoteles, aling kilos ang ipinakita ng isang mag-aaral na biglang humikab ng malakas sa klase habang seryosong nagtuturo ang guro?
 - a. Kusang-loob
 - b. Walang kusang-loob
 - c. Di kusang-loob
 - d. Kilos-loob
2. Ang kilos ng tao ay masasabing walang aspekto ng pagiging mabuti o masama kaya walang pananagutan ang tao kung naisagawa ito. Ang pahayag na ito ay;
 - a. Mali dahil ang kilos ng tao ay ginamitan ng isip at kilos-loob
 - b. Mali dahil lahat ng kilos ng tao ay dapat may kapanagutan
 - c. Tama dahil ang kilos ng tao ay hindi ginagamitan ng isip at kilos-loob
 - d. Tama dahil ang kilos ng tao ay walang aspekto ng pagiging masama
3. Paano makikilala na may pagkukusa sa makataong kilos?
 - a. Makikilala na may pagkukusa sa makataong kilos kung makikita sa kilos na hindi isinagawa bagaman may kaalaman sa gawain na dapat isakatuparan.
 - b. Makikilala na may pagkukusa sa makataong kilos kung nagmumula ito sa malayang pagsasagawa ng kilos-loob sa pamamatnubay ng isip.
 - c. Makikilala na may pagkukusa sa makataong kilos kung ang tao ay walang kaalaman kaya't walang pagsang-ayon sa kilos.
 - d. Lahat ng nabanggit sa itaas

4. Bakit may pananagutan ang tao sa kahihinatnan ng makataong kilos (kabutihan o kasamaan)?
 - a. Dahil ang makataong kilos ay sinadya at niloob ng tao gamit ang isip
 - b. Dahil ang makataong kilos ay isinagawa ng tao nang may kaalaman, malaya at kusa
 - c. Dahil ang makataong kilos ay malayang pinili mula sa paghuhusga at pagsusuri ng konsensiya
 - d. Lahat ng nabanggit sa itaas

5. Nasampal ni Martha si Noel dahil sa palagiang pagkindat ni Noel sa kanya. Sa imbestigasyon na isinagawa ng guidance counselor, napag-alaman na manerismo ni Noel ang palagiang pagkindat ng kanyang mga mata. May kapanagutan ba si Noel sa kanyang kilos?
 - a. Oo, dahil ang kanyang kilos ay kusang-loob, may kaalaman at pangsang-ayon
 - b. Oo, dahil ang kanyang kilos ay may paggamit ng kaalaman ngunit kulang lang sa pagsang-ayon
 - c. Wala, dahil ang kanyang kilos ay walang pagkukusa, walang pagsang-ayon na gawin iyon dahil iyon ay kanyang manerismo
 - a. Wala, dahil ang kanyang kilos ay isang manerismo at wala naman siyang gusto kay Martha

B. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag. Sagutin ng **TAMA** kung ang ipinapahayag ay tama at sagutin ng **MALI** kung ang ipinapahayag ay mali.

- _____ 6. Ang kilos ng tao ay ginagamitan ng isip at kilos-loob.
- _____ 7. Ang kilos ng tao ay walang aspekto ng pagiging mabuti o masama.
- _____ 8. Ang makataong kilos ay ginamitan ng isip at kilos-loob kaya't may kapanagutan ang tao sa pagsasagawa nito.
- _____ 9. Kung mataas ang digri ng pagkukusa mas mababa ang pananagutan.
- _____ 10. Pananagutan ng taong nagsagawa ng makataong kilos ang bunga ng kanyang piniling kilos.
- _____ 11. Ang bigat ng pananagutan sa kinakaharap na sitwasyon ng isang makataong kilos ay nakabatay sa bigat ng kagustuhan o pagkukusa.
- _____ 12. Kapag ang kilos ay kusang-loob ibig sabihin ang kilos na ito ay walang kaalaman ngunit may pagsang-ayon.
- _____ 13. Ang kilos na di kusang-loob ay may paggamit ng kaalaman at pagsang-ayon.
- _____ 14. Ang kilos na walang kusang loob ay kilos na walang kaalaman at walang pagsang-ayon sa kilos.
- _____ 15. Ang makataong kilos ay sinadya gamit ang isip kaya pananagutan niya ang kahihinatnan ng kanyang kilos, kabutihan man o kasamaan.

O ano? Nahirapan ka ba? Kumusta ang iyong iskor? Kung hindi umabot sa kalahati ang iyong nakuhang tamang sagot ok lang yan. Huwag mabahala. Maging tapat lang sa iyong gagawin at seguradong magkakaroon ng paglago sa iyong matututuhan. Kung ang nakuha mo

ay higit sa kalahati pataas, magaling dahil nasa lebel ka na patungo sa pagiging bihasa. Kaya patuloy na tuklasin ang mahahalagang kaalaman, at kasanayan sa modyul.



Balikan



Ano nga iyong natutuhan mo sa nakaraang modyul? Sana naman ay naalaala mo pa? Hindi ka pa malimutin dahil bata ka pa di ba?

Heto iyon. Natutuhan mo sa nakaraang modyul ang pagiging bukod-tangi mo dahil sa iyong taglay na dignidad bilang tao. Na nakabatay ang dignidad mo sa iyong pagkabukod-tangi (hindi nauulit sa kasaysayan) at sa pagkakawangis mo sa Diyos (may isip at kalooban). Ginagamit ng tao ang isip at kilos-loob upang siya ay magpakatao.

Ano naman kaya ang koneksiyon ng isip at kilos-loob sa makataong kilos? Sa araw-araw mong kilos, ginagamit mo ba ang iyong isip? Kanina sa iyong pagpasok sa paaralan ay nahuli ka. Ginamitan mo kaya ng iyong isip ang iyong pagiging huli sa klase? Sa iyong paglalakad ay bigla kang natisod at ikaw ay napamura (namalikas), ginamit mo ba ang iyong isip sa iyong pagmumura? Nakita mo kanina ang iyong guro na nagwalis at naglinis ng silid aralan. Ano ang iyong ginawa upang masabi natin na ginamit mo ang iyong isip at kilos-loob? May alam ka na ba sa mga kilos na masasabi nating ginamitan ng isip? Ano ang tawag natin sa mga kilos na iyon?

Sa modyul na ito matutuklasan mong may pagkukusa sa makataong kilos kung nagmumula ito sa malayang pagsasagawa ng kilos-loob sa pamamatnubay ng isip. Na ang makataong kilos ay sinadya at niloob ng tao gamit ang isip, kaya pananagutan niya ang kahihinatan ng kanyang kilos (kabutihan o kasamaan).



Tuklasin



Handa ka na ba sa mga gagawin?
Narito ang mga sitwasyong
karaniwang nangyayari sa buhay
estudyante.

Gawain 1

Panuto: Basahin at suriin ang mga sitwasyon. Sagutin ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapahalaga 10 (EsP 10).

Sitwasyon 1. Tuwang tuwa ang iyong mga kaklase sa iyong pagiging No. 1 sa mga mag-aaral na nakakuha ng With High Honors. Hindi mo akalain na may kaklase ka pala na sinisiraan ka dahil sa inggit sa iyo. Kahit nakaramdam ka ng pagkapahiya mas minabuti mong manahimik at ipagsabalikat na lamang. May kaibigan ka na nagsabing naniniwala silang hindi iyon totoo.	Tanong: Dapat ka bang magwala at magalit dahil sa iyong pagkapahiya? Bakit? _____ _____ _____ _____
Sitwasyon 2. Nasaksihan mo ang pangungupit ng iyong kaklase sa inyong school canteen. Dahil sa takot na baka madamay ka at binantaan ka na sasaktan ka niya kapag ikaw ay magsumbong, kaya hindi mo ito sinumbong sa kinauukulan.	Tanong: Mapapanagot ka ba sa iyong pananahimik? Bakit? _____ _____
Sitwasyon 3. Nagbilin ang inyong guro na	Tanong:

sabihan ang pangulo ng inyong klase na magpulong para sa paghahanda sa darating na Family Day ng paaralan. Biglaang nagyaya ang iyong mga kaibigan na pumunta sa internet cafe at maglaro ng computer kung kaya nakalimutan mong ipagbigay alam ang bilin sa iyo.	May pananagutan ka ba sa maaaring kahihinatnan dahil hindi mo nasabi ang ipinagbilin sa iyo? Bakit?
---	---

Tanong:

1. May pagkukusa ba sa makataong kilos ang ipinakita sa bawat sitwasyon?
2. Ano ba ibig sabihin ng makataong kilos?



Suriin



Malinaw na ba sa iyo kung ano itong makataong kilos? Alalahanin mo at suriin ang iyong mga kilos kahapon at ngayon. Lahat kaya ng kilos mo ay makatao?

Magpatuloy tayo at unawain ang mga mahahalagang konsepto ng aralin.

Ang Makataong Kilos

- Dapat nating tandaan na may dalawang uri ang kilos ng tao.

1. Ang kilos ng tao

- Ang kilos ng tao (act of man) ay tumutukoy sa mga kilos na nagaganap sa tao.
- Ito ay likas sa tao at hindi na ito ginagamitan ng isip at kilos-loob. Tandaan, ito ay hindi na ginagamitan ng isip at kilos-loob.
- Ito ay walang aspekto ng pagiging mabuti o masama.

Halimbawa sa mga ito ay ang mga biyolohikal at pisyolohikal na kilos na nagaganap sa tao tulad ng pagtibok ng puso, pagkurap ng mata, paghinga, paghikab, at iba pa.

2. Ang makataong kilos (human act)


- Ang makataong kilos (human act) ay kilos na isinasagawa ng tao nang may kaalaman, malaya at kusa.
- Ang kilos na ito ay resulta ng kaalaman, ginagamitan ng isip at kilos-loob kaya't may kapanagutan ang tao sa pagsasagawa nito.
- Ang makataong kilos ay kilos na malayang pinili mula sa paghuhusga at pagsusuri ng konsensiya.
- Ito ay sinadya at niloob ng tao gamit ang isip, kaya pananagutan ng taong nagsagawa ng makataong kilos ang bunga ng kanyang piniling kilos o ang kahihinatnan nito (kabutihan o kasamaan). Kung mabuti ang kilos ito ay katanggap-tanggap, at kung masama ang kilos, ito ay kahiya-hiya at dapat pagsisihan.



Dapat nating tandaan na may tatlong uri ng kilos ayon sa kapanagutan (accountability) ayon kay Aristoteles.

Kailangang maging maingat ang tao sa paggawa ng makataong kilos sapagkat ang mga ito ay maaring maging isyung moral o etikal.

Ang kilos na ito ay ginagawa ng may pag-unawa at pagpili dahil may kapanagutan (accountability).



1. **Kusang-loob.** Ito ang kilos na may kaalaman at pagsang-ayon. May pagkukusa sa makataong kilos kung nag mumula ito sa malayang pagsasagawa ng kilos loob sa pamamatuway ng isip.

Halimbawa: Ang isang guro na ginagampanan ang kanyang tungkulin bilang guro ng buong tapat. Nagbubuo ng banghay aralin bilang preparasyon sa kanyang pang-araw-araw na pagtuturo. Gumagamit ng iba't-ibang estratihiya upang maging kawili-wili ang kanyang pagtuturo.


2. **Di kusang-loob.** Dito ay may paggamit ng kaalaman ngunit kulang ang pagsang-ayon. Makikita ito sa kilos na hindi isinagawa bagaman may kaalaman sa gawain na dapat isakatuparan.

Halimbawa: Si Art, isang empleyado sa munisipyo na naglingkod bilang COMELEC member para sa pambansang eleksiyon. Binulungan siya ng kanyang chairman na tulungan ang isang kandidato sa pamamagitan ng “dagdag-bawas”. Alam niyang ito ay ilegal at labag sa kanilang moral na tungkulin kaya hindi siya pumayag. Ngunit dahil natatakot siya na baka matanggal siya bilang miyembro, kahit labag sa kanyang kalooban ay ginawa pa rin niya ang pabor na hinihingi.

3. **Walang kusang loob.** Dito ang tao ay walang kaalaman kaya’t walang pagsang-ayon sa kilos. Ang kilos na ito ay hindi pananagutan ng tao dahil hindi niya alam kaya’t walang pagkukusa.

Halimbawa: May kakaibang ekspresyon si Dan sa kanyang mukha. Madalas ang pagkindat ng kanyang mata. Minsan sa kanyang pamasmasyal ay may lumapit na dalaga at nagalit sa kanyang pangingindat. Nagulat siya dahil nabastos niya nang hindi sinsadya ang dalaga. Hindi humingi ng paumanhin si Dan dahil iyon ay isang manerismo niya.

Ang pananagutan ay nararapat na may kaalaman at kalayaan sa piniling kilos upang masabing ang kilos ay pagkukusang kilos (voluntary act). Ang bigat ng pananagutan sa kinahaharap na sitwasyon ng isang makataong kilos ay nakabatay sa bigat ng kagustuhan o pagkukusa. Kung mas mataas ang digri ng pagkukusa, mas mabigat ang pananagutan. Kung mas mababa ang digri ng pagkukusa, mas mababaw ang pananagutan.



Pagyamanin



Okey ka lang? Napagod ka ba sa iyong pagbabasa? Pakiramdaman mo at suriin ang iyong sarili. Alalahanin mo ang iyong mga nagawang kilos at pasiya. Ang mga naging kilos mo ba ay lahat matatawag na makataong kilos? Palagi ka bang may pagkukusa sa makataong kilos? Paano mo makikilala na may pagkukusa sa makataong kilos?

Magpatuloy tayo. Matapat na sagutin ang mga hinihingi sa gawain. Sundin ang mga panuto.

Gawain 2

Panuto:

1. Gamit ang talahanayan, tukuyin kung ang kilos sa unang kolum ay nagpapakita ng presensiya ng isip, kilos-loob, at kung ang kilos ay may pananagutan o wala.
2. Lagyan ng tsek (/) kung ang kilos ay ginamitan ng isip, kilos-loob, may pananagutan, sinadya at makataong kilos, at kung hindi ginamitan ng isip at kilos-loob ,lagyan ng ekis (X) ang isip, kilos- loob, may pananagutan, sinadya, makataong kilos, at lagyan ng tsek (/) ang walang pananagutan.
3. 1 punto sa bawat tamang sagot.
4. Isulat ang iyong mga sagot sa iyong kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapakato 10.

Mga kilos at Gawain ng Tao	Isip	Kilos -loob	May pananagutan	Walang pananagutan	Sinadya	Makataong kilos
1. Pagsumite ng sarili sa kinauukulan kapag napansin na may dinaramdam na simtomas ng COVID 19.						
2. Pagsauli ng sobrang sukli sa tindera ng school canteen.						
3. Paghikab ng malakas na hindi tinatakpan ang bibig.						
4. Pagsasalita habang natutulog						
5. Pagtanggì sa isang alok ng barkada na magpunta sa internet cafe dahil maaga pa ang pasok kinabukasan at may proyekto na dapat tapusin						
6. Paghimas ng tiyan dahil sa gutom						
7. Pagsisikap na bumuo ng mga tanong na may mapanuring pag-iisip sa ginagawang investigatory project						
8. Pagkurap ng mata						

9. Pagtuturo ng guro sa kanyang klase nang handa at may pagnanais na magbahagi ng kanyang kakayahan ayon sa learning competency ng kanyang aralin						
10. Pagnakaw sa pitaka ng iyong kaklase						

Mga tanong:

1. Batay sa Gawain, kailan natin masasabi na ang isang kilos ay may pananagutan?
2. Batay sa Gawain, kailan natin masasabi na ang isang kilos ay makataong kilos?
3. Lahat ba ng kilos ng tao ay ginagamitan ng isip at kilos-loob? Patunayan.



Isaisip



Naging malinaw na ba sa iyo ang ating aralin? Anong mahalagang kaisipan ang iyong natutuhan?

Gawain 3

Panuto: Punan ang mga patlang ng mga angkop na sagot upang mabuo ang konsepto ng ating aralin.

1. May pagkukusa sa makataong kilos kung nagmumula ito sa malayang pagsasagawa ng _____ sa pamamnatnubay ng _____.
2. Ang makataong kilos ay sinadya at niloob ng tao, gamit ang _____, kaya _____ niya ang _____ nito (kabutihan o _____).



Isagawa



Ngayon ay naging malinaw na sa iyo kung kailan may pagkukusa sa makataong kilos at kung bakit may pananagutan ang tao sa kahihinatnan ng kanyang kilos (kabutihan o kasamaan).

Gawain 4

Panuto: Ang mapanagutang kilos ay may papel ng isip at kilos-loob. Hindi natin hangad ang masamang bunga ng ating piniling kilos o gawa, kung kaya dapat na maging maingat sa mga pagpapasiya. Kung maharap ka sa mga sitwasyon sa ibaba, ano ang dapat mong gawin? Isulat sa kaukulang kolum ang mga hinihinging kasagutan. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 (EsP10).

Mga Sitwasyon	Dapat Gawin	Paliwanag
1. May napulot kang celfon sa sinakyan mong multicab.		
2. Sinuntok ka ng isang mag-aaral dahil nagselos siya sa iyo.		
3. Malapit ka ng mahuli sa klase. Ipinagbabawal ang pagtawid sa kalsada kung saan mas madali kang makarating sa klase..		
4. Nagalit ang guro dahil napakarumi ng inyong silid aralan.		
5. Binatukan ka ng isang taong wala sa matinong pag-iisip.		



Karagdagang Gawain



Nawa'y iyong isabuhay ang mga mahalagang kaisipan na natutuhan sa araling ito. Mananatiling buhay ang iyong natutunan kapag aktuwal itong naipakita sa sariling kilos sa pang-araw araw mong buhay.

Binabati kita!

Ahh teka muna, may dagdag gawain upang lubos na maisabuhay ang natutunan.

Gawain 5

Panuto: Ipahayag ang iyong gagawin upang ang maging kilos sa araw-araw ay mapanagutan. Maaring ipahayag sa pamamagitan ng tula, awit, pagguhit, o anumang paraan na madali para sa iyo. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10.

Huling Pagtataya

Basahing mabuti ang bawat pahayag at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik ng iyong napiling sagot sa iyong kuwaderno sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 (EsP 10).



1. Paano makikilala na may pagkukusa sa makataong kilos?
 - a. Makikilala na may pagkukusa sa makataong kilos kung makikita sa kilos na hindi isinagawa bagaman may kaalaman sa gawain na dapat isakatuparan.
 - b. Makikilala na may pagkukusa sa makataong kilos kung nagmumula ito sa malayang pagsasagawa ng kilos-loob sa pamamatnubay ng isip.
 - c. Makikilala na may pagkukusa sa makataong kilos kung ang tao ay walang kaalaman kaya't walang pagsang-ayon sa kilos.
 - d. Lahat ng nabanggit sa itaas
2. Kung kikilalanin ang katuruan ni Aristoteles, aling kilos ang ipinakita ng isang mag-aaral na biglang humikab ng malakas sa klase habang seryosong nagtuturo ang guro?
 - a. kusang-loob
 - b. Walang kusang-loob
 - c. Di kusang-loob
 - d. Kilos-loob
3. Ang kilos ng tao ay masasabing walang aspekto ng pagiging mabuti o masama kaya walang pananagutan ang tao kung naisagawa ito. Ang pahayag na ito ay;
 - a. Mali dahil ang kilos ng tao ay ginamitan ng isip at kilos-loob
 - b. Mali dahil lahat ng kilos ng tao ay dapat may kapanagutan
 - c. Tama dahil ang kilos ng tao ay hindi ginagamitan ng isip at kilos-loob
 - d. Tama dahil ang kilos ng tao ay walang aspekto ng pagiging masama
4. Bakit may pananagutan ang tao sa kahihinatnan ng makataong kilos (kabutihan o kasamaan)?
 - a. Dahil ang makataong kilos ay sinadya at niloob ng tao gamit ang isip
 - b. Dahil ang makataong kilos ay isinagawa ng tao nang may kaalaman, malaya at kusa
 - c. Dahil ang makataong kilos ay malayang pinili mula sa paghuhusga at pagsusuri ng konsensiya
 - d. Lahat ng nabanggit sa itaas

5. Nasampal ni Martha si Noel dahil sa palagiang pagkindat ni Noel sa kanya. Sa imbestigasyon na isinagawa ng guidance counselor, napag-alaman na manerismo ni Noel ang palagiang pagkindat ng kanyang mga mata. May kapanagutan ba si Noel sa kanyang kilos?
- Oo, dahil ang kanyang kilos ay kusang-loob, may kaalaman at pagsang-ayon
 - Oo, dahil ang kanyang kilos ay may paggamit ng kaalaman ngunit kulang lang sa pagsang-ayon
 - Wala, dahil ang kanyang kilos ay walang pagkukusa, walang pagsang-ayon na gawin iyon dahil iyon ay kanyang manerismo
 - Wala, dahil ang kanyang kilos ay isang manerismo at wala naman siyang gusto kay Martha

B. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag. Sagutin ng **TAMA** kung ang ipinapahayag ay tama at sagutin ng **MALI** kung ang ipinapahayag ay mali.

- _____ 6. Ang makataong kilos ay sinadya gamit ang isip kaya pananagutan niya ang kahihinatnan ng kanyang kilos, kabutihan man o kasamaan.
- _____ 7. Ang kilos ng tao ay ginagamitan ng isip at kilos-loob.
- _____ 8. Ang kilos ng tao ay walang aspekto ng pagiging mabuti o masama.
- _____ 9. Ang makataong kilos ay ginamitan ng isip at kilos-loob kaya't may kapanagutan ang tao sa pagsasagawa nito.
- _____ 10. Kung mataas ang digri ng pagkukusa mas mababa ang pananagutan.
- _____ 11. Pananagutan ng taong nagsagawa ng makataong kilos ang bunga ng kanyang piniling kilos.
- _____ 12. Ang bigat ng pananagutan sa kinakaharap na sitwasyon ng isang makataong kilos ay nakabatay sa bigat ng kagustuhan o pagkukusa.
- _____ 13. Kapag ang kilos ay kusang-loob ibig sabihin ang kilos na ito ay walang kaalaman ngunit may pagsang-ayon.
- _____ 14. Ang kilos na di kusang-loob ay may paggamit ng kaalaman at pagsang-ayon.
- _____ 15. Ang kilos na walang kusang loob ay kilos na walang kaalaman at walang pagsang-ayon sa kilos.



Susi sa Pagwawasto

Ooops!!! Sa bahaging ito ay masusubok mo ang iyong pagiging tapat hindi lang sa iyong guro, sa iyong sarili, kundi lalo't higit sa ating Panginoong Diyos na hindi nalulugod na makita ang bawat isa sa atin na lumalabag sa batas na magbibigay sa atin ng pagkakataon o oportunidad na maging tunay na makatao at maka-Diyos. Dagdag pa nito ay ang kaligayahang dulot na iyong mararamdaman dahil sa iyong katapatan at dahil diyan kami na mga tagapag-padaloy ng karunungan ay lubos din na masisiyahan at makakaramdam ng tunay na tagumpay.

Subukin/Tayahin

1. B
2. C
3. B
4. D
5. C
6. MALI
7. TAMA
8. TAMA
9. MALI
10. TAMA
11. TAMA
12. MALI
13. MALI
14. TAMA
15. TAMA

Tuklasin

Gawain 1

Ang pagmamarka ay depende sa guro.

Pagyamanin

Gawain 2

Ang pagmamarka ay depende sa guro.

Isaisip

Gawain 3

1. Kilos-loob; isip

2. Isip; pananagutan;
kahihinatnan;
kasamaan

Isagawa

Gawain 4

Ang pagmamarka ay depende sa guro

Isagawa

Gawain 4

Ang pagmamarka ay depende sa guro

Karagdagang Gawain

Nakadepende sa guro ang pagmamarka

Huling Pgtataya

1. B
2. B
3. C
4. D
5. C
6. TAMA
7. MALI
8. TAMA
9. TAMA
10. MALI
11. TAMA
12. TAMA
13. MALI
14. MALI
15. TAMA

Sanggunian

1. “Edukasyon sa Pagpapakatao 10 Modyul Para sa Mag-aaral” Kagawaran ng Edukasyon, Republika ng Pilipinas, Unang Edisyon 2015
2. “Edukasyon sa Pagpapakatao 10 Gabay sa Pagtuturo” Kagawaran ng Edukasyon, Republika ng Pilipinas, Unang Edisyon 2015

Mula sa Internet

<https://www.google.com/url?sa=t&rct=j&q=&esrc=s&source=web&cd=&cad=rja&uact=8&ved=2ahUKEwizkPikgPvpAhXF7WEKHav2Ak4QFjAFegQIBhAB&u>

Para sa mga Tanong at Puna, maaari na sumulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon X, Kawanihan ng mga Kaalaman

Office Address: Fortich Street, Sumpung, Malaybalay City

Telefax: (088) 813- 3634

E-mail Address: Bukidnon@deped.gov.ph

Website: www.Depedbukidnon.net.ph